



## Pagpapasya na May Suporta



# Pagsuporta sa mga Desisyon sa Suporta sa Pag-uugali

### Ano ang suportadong paggawa ng desisyon?

---

Ang suportadong paggawa ng desisyon ay nangangahulugan ng pagbibigay sa isang tao ng tulong na kailangan niya upang mas makagawa ng kaniyang sariling mga desisyon.

Ang suportadong paggawa ng desisyon ay batay sa mga sumusunod na ideya:

- Bawat tao ay may karapatang gumawa ng sarili nilang mga desisyon.
- Bawat tao ay may karapatang makakuha ng suporta upang makagawa ng mga desisyon.
- Sa pamamagitan ng mga pag-aakma at suporta, ang mga taong may kapansanan ay maaaring matuto ng mga kasanayan sa paggawa ng mga desisyon.
- Ang mga desisyon ay dapat nakabatay sa pasya at kagustuhan ng tao (kaniyang sariling mga paniniwala, pinahahalagahan at pang-araw-araw na gusto at hindi gusto).
- Bawat tao ay may karapatang magsapalaran.

### Kapag sinusuportahan mo ang isang tao na gumawa ng desisyon, ikaw ay:

---

- Tutulong sa kanyang makuha ang impormasyong kailangan niya para makapagpasya.
- Maniniguro na mayroon siyang impormasyon na nakasulat sa paraang mauunawaan niya.
- Tutulong sa kanyang isipin ang mga opsyon, kabilang ang mga positibo at negatibong resulta ng bawat opsyon.
- Susuporta sa kanyang gumawa ng desisyon batay sa kaniyang sariling pasya at kagustuhan (kaniyang sariling mga paniniwala, pinahahalagahan at pang-araw-araw na gusto at hindi gusto).
- Tutulong sa kanyang sabihin sa mga tao ang tungkol sa kaniyang desisyon.
- Tutulong sa kanyang isagawa ang kaniyang desisyon.

## Tandaan



### **Ang pagsapalaran (risk taking) ay bahagi ng paggawa ng desisyon.**

---

Tulongan ang tao na harapin ang posibleng panganib sa pamamagitan ng pagsuporta sa kaniya na isipin kung bakit gusto niyang gawin ang desisyon, kung ano ang mga panganib at kung paano gagawing mas ligtas ang mga bagay.

### **Iwasang maimpluwensyahan ang desisyon ng tao sa pamamagitan ng...**

---

- Paglalahad ng mga positibo at negatibong resulta ng bawat opsyon. Huwag maging mas negatibo tungkol sa mga opsyon na hindi mo gusto.
- Pagbibigay sa tao ng mga katotohanan nang hindi siya pinapayuhan kung ano ang dapat niyang gawin.
- Pag-iwas sa pagbabahagi ng iyong mga sariling damdamin at opinyon. Sa halip ay manatili sa mga katotohanan lamang.

### **Pag-isipan kung paano ka kumilos nang sinuportahan mo ang tao na gumawa ng desisyon sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong sarili...**

---

- Naapektuhan ba ng aking mga ideya o opinyon ang desisyon?
- Tumuon ba ako sa gusto ng tao (kaniyang pasya at kagustuhan) sa halip na kung ano ang inaakala kong pinakamainam para sa kaniya?
- Ibinigay ko ba lahat ng may-katuturang opsyon o ang mga opsyon lamang na sa tingin ko ay pinakamainam para sa tao?
- May iba pa ba akong magagawa sa susunod?

## **Ano ang positibong suporta sa pag-uugali?**

---

- Nilalayan ng Positibong Suporta sa Pag-uugali (Positive Behaviour Support) na mapabuti ang kalidad ng buhay ng tao at ng mga taong sumusuporta sa kaniya. Nilalayan nitong gawin ito sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kapaligirang kinaroroonan ng tao at pagpapaunlad ng kakayahan ng tao at ng mga taong nakapaligid sa kaniya.
- Ang Positibong Suporta sa Pag-uugali ay kinabibilangan ng tao at mga taong lubos na nakakakilala sa kaniya. Ang tao ay nasa sentro at dapat kasangkot sa mga desisyon tungkol sa kaniyang Suporta sa Pag-uugali (Behaviour Support).
- Nilalayan ng Positibong Suporta sa Pag-uugali na tulungan ang lahat na mas maunawaan ang tao upang malaman nila kung paano siya susuportahan nang mas mahusay.
- Ang Positibong Suporta sa Pag-uugali ay naglalayong bawasan ang paggamit ng mga mahihigpit na gawi kung ang mga ito ay pinapairal. Ang mga mahihigpit na gawi ay ginagamit lamang bilang panghuling paraan at aalisin kapag may ibang mga suportang umiiral upang tulungan ang tao sa kaniyang pag-uugali.

## **Bakit dapat kasangkot ang mga tao sa mga desisyon tungkol sa kanilang suporta sa pag-uugali?**

---

Ang pagsali sa mga taong may kapansanan sa mga desisyon tungkol sa kanilang plano sa Suporta sa Pag-uugali ay:

- Tutulong sa kanilang madama na pinakikinggan sila at nauunawaan na may mahalagang bahagi sila sa proseso.
- Magbibigay-daan sa kanila na magkaroon ng kontrol sa kanilang sariling buhay.
- Magpapatatag ng kanilang kaalaman, kasanayan at tiwala sa sarili.

# Ano ang mga desisyon sa Positibong Suporta sa Pag-uugali?

---



## 1. Sino ang dapat makasama sa aking pangkat ng Suporta sa Pag-uugali?

Mahalaga na ang tao ay kasangkot sa desisyon kung sino dapat ang kasama sa kaniyang plano sa Suporta sa Pag-uugali. Upang mas maunawaan ang tao, maaaring hilingin ng practitioner ng Suporta sa Pag-uugali na makipag-usap sa pamilya at mga kaibigan ng tao pati na rin sa mga propesyonal tulad ng mga guro, suportang manggagawa, speech therapist, doktor atbp.



## 2. Anong impormasyon ang dapat magkaroon ang mga tao tungkol sa akin?

Mahalagang malaman ng tao kung sino ang kakausapin ng Practitioner ng Suporta sa Pag-uugali (Behavior Support Practitioner), anong impormasyon ang hihilingin niya, at bakit.

Tatanungin ang tao kung mayroong anumang impormasyon na ayaw niyang ibahagi sa Behavior Support Practitioner o sinuman sa kaniyang pangkat ng Suporta sa Pag-uugali (Behavior Support team).



## 3. Ano ang makatutulong sa akin upang magkaroon ng mabuting buhay?

Upang matulungan ang tao na mamuhay nang mabuti, kailangang maunawaan ng Practitioner ng Suporta sa Pag-uugali kung ano ang gustong gawin ng tao at kung ano ang mahalaga sa kaniya, kung ano ang mahirap para sa kaniya, kung ano ang gusto niyang gawin ngayon at sa hinaharap.



## 4. Gusto ko bang baguhin ang aking plano?

Kung hindi gumagana ang mga bahagi ng plano, ang tao ay may karapatan na baguhin ang kaniyang plano. Mahalaga na ang tao ay suportado na magpasya kung ano ang gusto niyang baguhin at kung ano ang gusto niyang hindi magbago.

## **Paano ko susuportahan ang isang tao na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kaniyang suporta sa pag-uugali?**

---

Ipapaliwanag ng Practitioner ng Suporta sa Pag-uugali ang mga desisyong ito sa tao at makikipagtulungan sa tao upang malaman kung ano ang gusto niyang piliin.

Ang iyong tungkulin bilang tagasuporta ay makipagtulungan sa practitioner ng suporta sa pag-uugali upang:

- Matiyak na ang tao ay may impormasyong kailangan niya upang makagawa ng desisyon.
- Matiyak na mayroon siyang impormasyon na nakasulat sa paraang mauunawaan niya.
- Matulungan ang tao na sabihin sa practitioner kung ano ang gusto niya.
- Matulungan siyang makagawa ng desisyon.

## **Ano ang maaari mong gawin upang suportahan ang mga desisyon para sa mga taong may kumplikadong komunikasyon.**

---

- Gumugol ng maraming oras kasama ang tao at malapit na makipagtulungan sa mga taong lubos na nakakakilala sa kaniya.
- Alamin kung paano siya nakikipag-usap. Halimbawa, ang pagtingin sa tao ay makakatulong sa iyo na maunawaan kung ano ang gusto niya. Ano ang sinasabi sa iyo ng kaniyang mga ekspresyon sa mukha at pag-uugali?
- Alamin kung ano ang gusto ng tao sa pamamagitan ng pakikinig sa kaniya. Makinig sa mga tunog na kaniyang ginagawa. Makinig sa kaniyang ipinapahayag.
- Isipin kung ano ang gagawin at sasabihin ng tao kung mayroon siyang ganap na kontrol sa kaniyang buhay. Ano ang pipiliin niya?

**Upang malaman ang higit pa tungkol sa pagsuporta sa mga desisyon sa suporta sa pag-uugali, pumunta sa website na Pagpapasya na May Suporta (Deciding With Support):**

[www.decidingwithsupport.flinders.edu.au](http://www.decidingwithsupport.flinders.edu.au)

